Screening para sa Rapid POCT sa COVID-19

Maaaring magamit sa bahay ang mga kit para sa rapid point-of-care test (POCT) para sa COVID-19.
Ipinapakita ng mga resulta ng POCT ang katayuan ng isang tao sa sandali kung kailan isinagawa ang pagsusuri.
Pinakamaaasahan ang COVID-19 POCT kapag regular itong isinasagawa, inirerekomendang 2 o 3 beses kada linggo.
Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19, dapat kang kumuha ng PCR test sa laboratoryo sa isang assessment center, anuman ang resulta ng iyong rapid test sa pamamagitan ng pagpunta sa gnb.ca/gettestedcovid19 o pagtawag sa 811.

NAGLALAMAN ANG IYONG TESTING KIT NG:

Nasal swab

Test tube

Buffer liquid


Stand ng tube



Test cartridge

KAKAILANGANIN

- Isang malinis, patag na surface
- Hand sanitizer
- Isang timer o orasan

BAGO KA MAGSIMULA

- Ilagay ang lahat ng materyal para sa pagsusuri sa room temperature (18-
- 30°C) bago gamitin ang mga ito. Hugasan ang iyong mga kamay
- Linisin ang surface kung saan ka magsusuri
- Buksan ang mga laman ng iyong testing kit
- Alisin ang test cartridge sa balot nito
- Isulat ang iyong pangalan sa cartridge kung magsusuri ng higit sa isang

Upang makapanood ng video na nagbibigay-

BTNX rapid test

HAKBANG 1

- Ilagay ang tube para sa pagkolekta sa stand ng tube para hindi ito matumba.
- Ilagay ang lahat ng laman ng 1 pang-isahang gamit na buffer solution para sa pagsusuri sa test tube.



HAKBANG 2

- Ipasok ang swab sa butas ng iyong ilong, sa lalim na humigit-kumulang 2 cm.
- Ikuskos at iikot ang swab nang 10 beses sa paligid ng iyong ilong at ulitin ito para sa kabilang butas ng ilong gamit ang parehong swab.



HAKBA

- Ilublob ang dulo ng swab sa likido sa test tube, nang iniikot at inihahalo ang swab sa loob ng 10 segundo.
- Pigain ang swab nang 10-15 beses sa pamamagitan ng pagpisil sa tube para maipit ang swab.
- Hayaang nakalublob ang swab sa likido at ibabad nang 2 minuto habang nakalagay ito sa stand ng tube.



HAKBANG 4

- Alisin ang swab sa test tube habang pinipiga ang natitirang likido.
- Ikabit ang nozzle sa test tube at dahan-dahang magpiga ng 3 patak sa bilog na butas ng test cartridge.



HAKBA

- Magtakda ng timer sa loob ng 15 minuto. Pagkalipas ng 15 minuto, may lalabas na may kulay na linya sa window ng resulta.
- Kapag tapos ka na, itapon nang tama ang mga supply na ginamit sa pagsusuri, i-sanitize ang iyong mga kamay, at linisin ang espasyong ginamit mo para sa pagsusuri.

NEGATIBONG RESULTA



Isang linya sa C na marka, walang linya sa T na marka. Hindi na kailangang mag-ulat, magpatuloy sa iyong iskedyul ng pagpapasuri

POSITIBONG RESULTA



Dalawang linya: isa sa C na marka, isa sa T na marka. Dapat ay agad kang mag-isolate ng iyong sarili. Para makapagpaiskedyul para sa isang pangkumpirmang pagsusuri, pumunta sa .gnb.ca/gettestedcovid19 o tumawag sa 811.

INVALID NA RESULTA

Kung hindi tumutugma ang resulta ng iyong pagsusuri sa alinman sa mga halimbawa ng NEGATIBO o POSITIBONG resulta, posibleng hindi gumana ang pagsusuri. Ulitin ang pagsusuri hanggang sa makakuha ka ng **positibo o negatibong** resulta ng pagsusuri.

Kung makakakuha ka ng POSITIBONG Point of Care Test (POCT), mangyaring mag-isolate at magpaiskeyul ng PCR test online sa gnb.ca/gettestedcovid19 o tumawag sa 811.

13498 | 2021/10/20

Para sa anumang tanong na nauugnay sa pagsasagawa ng rapid test, bisitahin ang **gnb.ca/pointofcaretesting**

New Nouveau Brunswick